OMB Kontrol Blg. 1920-1303
Pagpapaso ng Form: 09/30/2021

# Pagpahayag ng Pananggalang sa Pagpapalayas

Nagpalabas ang Centers for Disease Control and Prevention (CDC) ng kautusan na maaari kayong magkaroon ng pananggalang laban sa pagpapalayas o pagpapaalis kung saan kayo naninirahan. **Ibig sabihin nito na maaari kayong mamalagi kung saan kayo naninirahan hanggang HUNYO 30, 2021, kung karapat-dapat kayo.**

## Papaano gamitin ang form na ito

1. Tingnan kung kayo ay karapat-dapat para sa pananggalang sa pagpapalayas sa ilalim ng kautusan ng CDC. Kung gusto ninyong pagtulong mula sa isang eksperto, makiugnay sa (800) 569-4287 o pumunta sa https://www.hudexchange.info/programs/housing-counseling/rental-eviction/ upang makatanggap ng impormasyon tungkol sa isang lokal na aprubado ng HUD na tagapagpayo sa pabahay.
2. Pirmahan ang deklarasyon na ikaw ay karapat-dapat, sa susunod na pahina.
3. Ibigay ang napirmihan na pahina sa indibidwal o kompanya kung saan kayo umuupa (hal. namamahala ng building, nagpapaupa, atbp.). Magtago ng kopya o larawan para sa mga talaan ninyo at tawagan ang inyong tagapagpayo kung mayroon problema.

---

## 1. Karapat-dapat ba ako?

*Kung na-check ninyo ang kahit man lamang isang kahon sa bawat kolum, karapat-dapat kayo.*

### *Kolum A*

- ☐ Nakatanggap ako ng stimulus check (Economic Impact Payment) sa 2020 o 2021
- ☐ Hindi kinakailangan na iulat ko ang anumang kita sa IRS sa 2020
- ☐ Noong 2020 o 2021, kumita ako (o inaasahan na kikitain) ng **kulang sa** $99,000 bilang indibidwal o **kulang sa** $198,000 bilang pinagsamang filer.

  Malamang na mas mababa ang kinita ninyo kaysa sa halagang ito kung tumatanggap kayo ng alinman sa sumusunod na mga benepisyo:

  - Programang Tulong na Suplementong Nutrisyon (Supplemental Nutrition Assistance Program, SNAP)
  - Pansamantalang Tulong para sa mga Nangangailangang Pamilya (Temporary Assistance for Needy Families, TANF)
  - Suplementong Seguridad ng Kita (Supplemental Security Income, SSI)
  - Seguro sa Kapansanan sa Social Security (Social Security Disability Insurance, SSDI)

**Wala sa mga nauuna** — **Hindi ka karapat-dapat**

*AT*

### *Kolum B*

Hindi ko kayang bayaran ang buong upa ko o magbayad nang ganap para sa bahay dahil:

- ☐ Talagang bumaba ang kita ko
- ☐ Natanggal ako sa trabaho
- ☐ Binawasan ang aking oras sa trabaho o sahod
- ☐ May pambihirang sariling gastos na pampaggamot[1]

**Wala sa mga nauuna** — **Hindi ka karapat-dapat**

### Na-check ninyo ang kahit man lamang isang bagay sa bawat kolum? Karapat-dapat ang inyong antas ng kita

[I-check ang unang kahon sa susunod na pahina]

---

[1] Ipinaliliwanag bilang 7.5% o mas mataas ng aking iniakma na buong kita nitong taon

## 2. Pahayag ko na karapat-dapat ako

Sa pag-check ko ng mga kahon sa sumusunod, pinapahayag ko na totoo ang bawat pahayag.

- ☐ Karapat-dapat ang aking antas ng kita dahil sa mga paliwanag sa itaas.
- ☐ Ginawa ko ang pinakakaya ko na magbayad nang bahagya na pinakamalapit sa buong bayad na nasa panahon at kumuha ng pagtulong ng pamahalaan upang sapatin ang aking upa o mga bayad sa bahay. [2]
- ☐ Kung mapalayas ako, wala akong ibang magagamit na opsyon sa pamamahay, kaya ako ay:
  - Malamang magiging homeless, **o**
  - Tutuloy sa isang pasilungan ng homeless, **o**
  - Makikitira nang kasama ang iba na nakatira sa masikip na tirahan.
- ☐ Naiintidihan ko na pagkatapos kong lumagda:
  - Maliban sa magkasundo kami ng aking kasera, babayaran ko pa rin ang upa, hindi nabayarang upa, at anumang bayarin, multa o pagtubo sa ilalim ng aking lease.
  - Dapat sundan ko pa rin ang mga hinihiling ng aking lease.
  - Maliban sa magkasundo kami ng aking kasera, kung hindi ako magbayad ng kinakailagan, maaari akong mapalayas kapag matapos itong pangsamantala pagpigil ng pagpapalayas.
  - Maaari pa rin akong mapalayas para sa mga dahilan, maliban sa hindi pagbayad ng upa o bayad sa bahay.

### Mga malalapitan sa pag-areglo para sa mga umuupa

**Maghanap ng tulong pang-pinansyal para sa pangungupahan**
Tawagan ang (800) 569-4287 upang makahanap ng listahan ng lokal na mga binigyan ng pahintulot ng HUD na tagapagpayo sa pabahay

**Iulat ang mga problema sa naniningil ng utang**
Magharap ng reklamo sa CFPB cfpb.gov/complaint

**Iulat ang diskriminasyon**
Magharap ng reklamo. Tawagan ang HUD at (800) 669-9777

***Pinipirmahan ko ang pahayag na ito sa ilalalim ng parusa ng perjury. Ibig sabihin ng iyon na nangangako ako na totoo ang mga pahayag sa itaas at naiintindihan ko na maaari akong parusaan na krimen dahil sa pagsisinungaling.***

Lumagda rito:

X ______________________________ Petsa: ____________

## 3. Ibigay ang napirmahang pahina sa indibidwal o kompanya kung saan kayo umuupa.

***ATTN MGA NAGPAPAUPA:*** *Salamat sa inyong pagsunod. Kung lalabagin mo ang atas ng CDC na pananggqalang sa pagpapalayas, ikaw at/o ang iyong negosyo ay maaaring mapailalim sa mga kriminal na parusa kabilang ang mga multa at isang termino ng pagkabilanggo.*

---

[2]Pinakamahusay na paraan ang pagtawag sa isang eksperto upang tuklasin ang lahat ng pagtulong na maaabot ninyo. Maghanap ng listahan ng lokal na mga binigyan ng pahintulot ng HUD na tagapagpayo sa pabahay sa pamamagitan ng pagtawag sa (800) 569-4287.

[3]Kung lumagda na kayo na isang pahayag ng pagtigil ng pagpapalayas, hindi na kayo kailangan magharap isa pa.